

# 1

Mula sa pagkakaidlip ay biglang nagising si Ciara na para bang na-sense niya ang pagpasok ng sinasakyang eroplano sa Philippine Area of Responsibility. Maihahalintulad iyon kung paanong nagigising ang isang batang natutulog kapag papasok na ang kotseng sinasakyan sa driveway ng kanilang tahanan. Ganoon ang nararamdaman niya nang mga sandaling iyon; papalapit na siya sa kanyang tahanan.

She longed for this for the past three years. Noong umalis siya ng Pilipinas ay halos hindi na siya umaasang makakabalik pa siya. Alam niya noon na kapag walang magandang nangyari sa Amerika ay maaaring doon na siya bawian ng buhay.

Pero hindi lang maganda ang nangyari roon kundi isang himala. At ngayon ay heto siya, papauwi na ng Pilipinas dahil sa himalang iyon.

Mayamaya ay bigla siyang nakaramdam ng kagustuhang maghikab. Nakabuka pa nang malaki ang bibig niya nang mapansing nakatingin sa kanya ang lalaking katabi niya sa upuan. Mabilis siyang nagtakip ng bibig saka ibinaling palayo ang mukha.

Sa simula pa lang ng biyahe ay may mga napansin na siya sa lalaking katabi. Sa tantiya niya, nasa late twenties to early thirties ito. Mukha itong professional base sa pananamit. Magaganda

ang bilugan nitong mata although sa sandaling pagkakataon na nakuha niya itong obserbahan ay napansin niyang tila may bahid iyon ng lungkot. Gayunman, sa kabuuan ay walang dudang guwapo ito.

Muli niyang sinulyapan ang lalaki. Sa pagkakataong iyon ay nakatutok na ang tingin nito sa laptop na nasa kandungan nito. Iyon ang ikalawang naobserbahan ni Ciara. Sa buong biyahe nila ay hindi nito gaanong isinasara ang computer na iyon.

Curious na dahan-dahan siyang humilig hanggang sa maabot ng paningin niya ang monitor ng computer. Mukha ng isang babae ang nakita niya roon. Mayamaya, sa munting paggalaw ng kamay ng lalaki ay nag-iba ang picture na nasa monitor. Lalong naengganyo si Ciara na silipin ang computer nang maglabas pa iyon ng ibang pictures na karamihan ay kuha ng iisang babae lang.

Napansin ng katabi ang pagsilip niya, kaya muli itong tumingin sa kanya. Napaatras si Ciara, nagpakawala ng ngiti. “Girlfriend mo?” tanong niya. Hindi ito sumagot. “O, asawa? Maganda siya. Bagay kayo.”

Nang muling maglayo ng tingin ang lalaki nang hindi sumasagot ay dumistansya na siya habang bumubulong sa sarili. “Ang suplado naman.”

Mayamaya pa ay may napadaan na isang flight attendant. Doon napunta ang pansin ng dalaga. “Ah, excuse me. Can I have

a cup of coffee?” tawag niya rito.

Agad nitong ibinigay ang hinihingi niya. Hindi nakakabit ang seat belt niya noon, kaya nakuha niyang umangat sa upuan para abutin ang cup ng kape.

Eksaktong hawak iyon ni Ciara nang makaranas ang eroplano ng turbulence, dahilan para siya ma-outbalance. Kahit agad ding naka-recover, sapat ang bahagya niyang paggiwang para lumigwak ang kalahati ng laman ng coffee cup na hawak niya. Napatili siya dahil alam niya kung saan lalagpak ang tumapon na kape. Eksakto iyon sa keyboard ng laptop na nasa kandungan ng lalaki.

“Hey!” Napaangat din ito sa kinauupuan. Sa gulat ay mabilis nitong itiniklop ang laptop.

“Teka, huwag mong isara.” Natatarantang hinila ni Ciara ang scarf na nakapulupot sa leeg niya. “Punasan natin...” Tinangka niyang buklatin muli ang laptop, pero hinawi ng katabi ang kamay niya. “Baka masira ’yan kapag pumasok hanggang sa loob ’yung kape. Punasan natin hangga’t di pa umaabot sa loob.”

Tila na-realize din iyon ng kausap, kaya ito na ang muling nag-angat sa monitor ng laptop. Naka-standby mode iyon pero mukhang okay naman kaya nakahinga ito nang maluwas. Pero ilang sandali lang ay unti-unting nag-blackout ang monitor ng computer.

“No! No, no, no!” usal ng lalaki. Sinubukan nitong pindutin

muli ang power switch pero hindi na iyon nagbukas.

Napaatras ang dalaga nang tingnan siya nito nang matalim.

“I’m sorry,” hiyang-hiyang sabi niya.

---

Hila ang kanyang suitcase, pilit na hinabol ni Ciara ang lalaking mabilis na naglalakad palabas sa arrival area ng *Ninoy Aquino International Airport*.

“Hey, wait!” tawag niya. Alam niyang naririnig siya nito, pero hindi ito humihinto kaya mas binilisan niya ang lakad. Malalaki ang bawat hakbang nito habang malaki naman ang luggage na hila-hila niya bukod pa sa bag na nakasukbit din sa kanyang balikat. Pero nagawa pa rin niya itong abutan. “Sandali lang, please,” pakiusap niya.

“What do you want? Nasira mo na’ng laptop ko, hindi ba? Ano pa’ng gusto mo?” anitong hindi humihinto ng lakad.

“Yun na nga. Sorry talaga, hindi ko talaga sinasadya. You know... hindi ko naman kontrolado ’yung lipad ng eroplano, eh...” paliwanag niya.

Nagbuga ito ng hangin.

“Ganito, ano kaya kung ibigay mo sa ’kin ’yang laptop mo?”

Napabaling na ito sa kanya. “What?”

“I’ll have that fixed. Ibabalik ko rin sa iyo kapag ayos na.”

“No need. Kaya ko itong ipaayos.” Umismid ito.

“I know that. Kaya lang... makokonsyensya ako kapag hindi ko napanagutan ang naging kasalanan ko. Kaya pumayag ka na, please.”

Hindi nito pinansin ang sinabi niya. Nang oras na iyon ay malapit na silang makalabas ng airport building.

“Here. You can have my passport as collateral,” giit ni Ciara, sabay alok dito ng hawak pang passport. Muli, napabaling sa kanya ang lalaki. “Para makasiguro ka na ibabalik ko sa iyo ang laptop mo.”

This time ay huminto ito at hinarap siya. “I cannot just let you have my computer. Galing ako sa business trip at lahat ng details tungkol doon ay nandito.”

“Hindi ko naman ’yon pakikialaman,” pagtitiyak niya.

“Paano kung sa kani-kaninong technician mo lang ipaayos ang laptop ko at ma-corrupt ang program nito?”

“Ipapaayos ko ang laptop mo sa pinakamagaling na technician na kilala ko. Promise.” Itinaas pa ni Ciara ang kanang kamay. “Sisiguraduhin kong walang mababago sa files na naka-save diyan.”

May ilang saglit na muling hindi umimik ang lalaki. Hindi

niya nakikita ang mga mata nito dahil sa sunglasses, pero pakiramdam niya ay nakatitig ito sa kanya. Ngumiti siya saka muling inialok dito ang kanyang passport.

“Here, take this. Importanteng document ang passport, kaya makakasiguro kang ibabalik ko sa iyo ang laptop mo para mabawi ko ito.”

Mukhang hindi pa rin kumbinsido ang kausap niya. “Hindi naman tayo magkakilala. You can forget about what happened.” Kumilos na uli ito.

“Iyon na nga, eh,” giit pa rin ni Ciara na muling umagapay sa lakad nito. “Hindi tayo magkakilala. Kaya hindi ako dapat makagawa ng atraso sa iyo nang hindi ko napapanagutan dahil hindi naman tayo magkaibigan.”

Exasperated na muling humarap ang lalaki without being aware na dikit pala ang pagkakaagapay rito ni Ciara. Pati ang dalaga ay nagulat dahil sa muntik na nilang pagkakabunguan. Ilang sandali rin silang natigilan bago ito naka-recover.

“Bakit ba ang kulit mo?” Pikon na ang tono nito.

Umatras siya nang bahagya. “I... I’m sorry. Gusto ko lang talagang makabawi...”

“Fine.” Pahablol na kinuha nito ang passport sa kamay niya. “Siguraduhin mong ibabalik mo ang laptop ko sa lalong madaling panahon nang walang kahit na anong nababago rito, okay?”

Sunod-sunod na tango ang isinagot ng babae. Pero dahil sa sandaling pagkakalapit ng kanilang mga katawan at mga mukha ay tila ba nabaghan siya at natameme. Pumintig nang mabilis ang kanyang puso, bagay na bahagya niyang ipinag-alala. Hindi pa iyon nangyayari sa kanya. At least, not in the past three years.

Idinuhol sa kanya ng lalaki ang bag na kinalalagyan ng laptop. Nakuha niya iyong abutin, pero hindi pa rin siya makapagsalita. Gumalaw lang si Ciara nang makitang papunta na ito sa kinapaparadahan ng mga airport taxi.

Muli siyang humabol. “Wait! Paano ko ito maibabalik sa iyo?”

Hindi na naman ito sumagot. Pasakay na ito sa isa sa mga taxi nang muli siyang makalapit.

“I need to know your name or number para ma-contact kita kapag ayos na ’to.”

May kalakasang pagsara ng pinto ng taxi ang naging sagot sa sinabi niyang iyon. Napakunot-noo siya nang umandar ang sasakyan.

“Hala!” bulalas niya.

Inilabas ng lalaki ang kanan nitong kamay sa bintana ng taxi. Sa mga daliri nito ay nakaipit ang maliit na piraso ng papel na alam niyang calling card. Mabilis siyang lumapit, ngunit bago niya naabot iyon ay lumarga na palayo ang taxi. Nang may ilang

metro na ang layo niyon ay nakita niyang lumipad sa hangin ang calling card bago nawala sa bintana ng sasakyan ang kamay ng sakay niyon.

“Grabe!” Napailing at napangiwi si Ciara. Dinampot niya ang calling card na lumagpak sa di-kalayuan. “James Zachary B. Castellano,” basa niya sa pangalan na nakasulat doon. Nakataas ang kilay na sinundan niya ng tingin ang papalayong taxi. Pero hindi nagtagal ay napangiti siya.

Hindi niya alam kung bakit pakiramdam niya ay parang dati na niyang kakilala ang taong iyon gayung sigurado naman siyang ngayon lang ang unang pagkakataon na nakatagpo niya ito.

---

Si Architect Pia Bustamante na pinsang-buo niya ang nag-iisang kamag-anak na uuwian ni Ciara sa Manila. Hindi niya ipinaalam dito ang pagdating niya dahil gusto niya itong sorpresahin. Pero siya ang nasorpresa nang dumating siya sa opisina nito.

“Surprise!” Ang malakas na sigaw na iyon ang bumungad sa kanya nang papasukin siya ng sekretarya nito. Gulat na gulat siya at hindi agad nakapagsalita nang may magbagsakan na confetti sa kanya.

“Welcome back, pinsan,” sabi ni Pia na sinalubong siya ng yakap. Sinundan iyon ng mga pagbati mula sa iba pang naroon na mga staff ng architectural firm na pinamumunuan nito.



Karamihan sa mga iyon ay kakilala rin niya. She was actually one of them before she left for the States to fight for her life.

“A-ano ba ito?” nagtatakang tanong niya.

“Alam kong dadating ka, kaya naghanda kami ng maliit na welcome party para sa iyo.”

“Alam mo? Paano?”

“Tita Marcia called me,” tukoy nito sa mama niya na naiwan sa Amerika.

Bumagsak ang mga balikat ni Ciara. “Ah! She spoiled my plan. Balak pa naman kitang sorpresahin.”

“Huwag kang mainis. Siyempre, ipagbibilin ka niya sa akin. Ngayong sa Davao na nakatira si Mommy, alam niyang ako na lang ang puwedeng mag-alaga sa iyo rito.”

Na-touch si Ciara. Kung tutuusin ay wala pa sa apat na taon ang tanda ni Pia sa kanya pero katulong na ito ng mommy nito, ang tita niyang si Miranda, sa pag-aalaga sa kanya noon when her own mom had to go to the States.

“Pero hindi na ako kailangang alagaan. I’m not sick anymore. I’m fine now and—”

“Hay naku! Saka na natin pag-usapan ’yan,” putol ng kausap, sabay akbay sa kanya. Iginiya siya nito palapit sa mesang kinaroroonan ng mga pagkaing ipinahanda nito. “Come on,

kumain na muna tayo.”

Nandilat nang husto ang mga mata ni Ciara nang makita ang isang malaking bilao ng pancit malabon, isang tray ng lumpiang shanghai, ilang kahon ng buko pie at malaking bowl ng buko salad. Iyon ang mga pagkaing paborito niya na hindi niya natikman sa halos tatlong taon na paninirahan sa Amerika. Napayakap siya sa pinsan sa sobrang saya.

“Thank you! Thank you talaga,” sabi niyang naluluha pa.

“Ah, don’t cry.” Dinampian ni Pia ng daliri ang sulok ng mga mata niya. “Look at you. You’ve become more beautiful.”

“Binola mo pa ’ko.”

“Totoo, mas maganda ka ngayon. Mukhang buhay na buhay. Hindi gaya ng dati.” Tinapik nito nang marahan ang kaliwang dibdib niya. “Malaki talaga ang naitulong niyan sa iyo.”

Bahagya siyang ngumiti saka marahan ding sinapo ang dibdib. Sa totoo lang ay mali si Pia sa sinabi. Hindi basta malaking tulong lang ang nasa dibdib niyang iyon. Kung nabubuhay man siya ngayon, iyon ay dahil sa bagay na inilagay roon ng mga doktor.

Bigla ay naalala niya kung paanong dinugtungan niyon ang kanyang buhay...

---

*Three years ago...*

Nagising si Ciara sa loob ng isang hospital room. She was lying helpless in bed, feeling weak at kahit na may nakakabit na oxygen sa kanyang ilong ay nahihirapan pa rin siyang huminga. There was pain in her chest, the familiar pain na lagi na ay nararamdaman niya mula pagkabata. Sa tabi ng kama ay naroon ang mama niya, sapo ng palad ang mukha at alam niyang umiiyak.

“Ma...” tawag niya. Mabilis itong nagpahid ng luha bago bumaling sa kanya.

“Ano ’yon, anak? May gusto ka ba? Sabihin mo sa ’kin...”

Pilit siyang ngumiti. Kahit siguro ano ang hilingin ni Ciara nang oras na iyon, her mother would move heaven and earth maibigay lang iyon sa kanya. Ibinibigay nga nito ang lahat ng kailangan niya... noong malakas pa siya. Ngayon pa kaya kung kailan tinapat na ito ng doktor na kung walang himalang mangyayari ay kailangan na nitong tanggapin na ilang panahon na lang siya nitong makakasama?

Maagang namatay ang papa niya dahil sa sakit sa puso, ang sakit na naipamana nito sa kanya. She was born with congenital heart disease but was diagnosed only when she was ten. When she was fifteen, narinig niyang nag-usap tungkol doon ang mama niya at ang kapatid nitong si Miranda. Ang sinabi ng doktor na gumamot kay Ciara nang huli siyang maospital, hindi raw lalagpas ng twenty-five years ang buhay niya kung hindi siya

maooperahan.

Ten years. Iyon ang ibinigay noon na taning ng siyensya sa buhay niya. Iyon din ang panahon na ibinigay ng tadhana sa mama niya para gumawa ng paraan. Napakalaki ng halagang kailangan para sa operasyon. Milyon ang pinag-uusapan doon at alam ni Marcia na walang basta na lang magbibigay ng ganoon kalaking halaga sa kanila. Hindi sila puwedeng umasa sa donasyon.

Kaya nagpasya itong iwan muna siya sa pangangalaga ni Miranda nang makahanap ito ng oportunidad na makapagtrabaho sa Amerika. Itinuring nito na tadhana na rin ang nagbigay ng pagkakataon para iligtas siya.

Lumipas ang mga taon. Ni minsan ay hindi umuwi ng Pilipinas si Marcia sa panghihinayang sa gagastusin sa transportasyon. Nagpapadala ito ng panggastos ni Ciara, pambili ng gamot at pati na rin sa pag-aaral niya, kaya hindi rin naging mabilis ang pag-iipon nito ng sapat na halagang gagamitin sa operasyon niya.

Ciara was twenty-one years old, graduate na ng college at tumutulong-tulong na sa bagong tayo pa lang na architectural firm ni Pia, nang sumpungin siya ng sakit niya. Nagkaroon siya ng cyanosis, a bluish tint to the skin, lips and fingernails, masyadong mabilis ang kanyang heartbeat maging ang paghinga, matindi ang pagpapawis niya, at sobrang pagkahapo ang kanyang naramdaman. That time ay iba na ang sinabi ng mga doktor. Wala nang kuwenta ang puso na nasa dibdib niya. Maikling

panahon na lang at tuluyan na iyong bibigay. There was no remedy for it at wala nang operasyon na puwedeng mag-repair sa dispalinghadong puso na iyon. Isa na lang ang makakapagligtas sa buhay niya. Heart transplant.

Agad siyang dinala ng mama niya, nina Miranda at Pia sa Amerika kung saan mas makabago ang pamamaraan ng panggagamot. Agad din siyang na-admit sa ospital sa Pittsburgh. Pero sa kabila niyon ay hindi pa rin naging madali ang lahat. Dahil ang mas malaking problema nang mga panahong iyon ay kung saan kukuha ng puso na ipapalit sa puso niya.

“Wala po, Ma. Wala po akong gusto,” sabi ni Ciara. “Huwag n’yo lang po akong iiwan.”

Ginagap ng ina ang kamay niya. “Siyempre, anak, hindi kita iiwan. Dito lang ako sa tabi mo, hindi kita iiwan. Pangako ’yan.”

“Ma, mahal na mahal ko po kayo.” Doon na tuluyang bumigay si Marcia. Siguro ay pamamaalam ang dating dito ng sinabi niya. Dinaluhan ito ni Miranda habang sa paanan ng kama ay nakita ni Ciara si Pia na tutop ang bibig at walang humpay ang pag-agos ng luha.

Gusto rin niyang umiyak. Hindi pa siya handang mamaalam. Ayaw pa niyang iwan ang mga ito. Napakarami pa niyang pangarap, mga gustong gawin. Ni hindi pa nga siya nakakaranas na magmahal... at hindi pa rin nakakaranas na mahalín, other than the love na ibinibigay ng kanyang pamilya.

*Where the Heart Is - Anna Chavez*

---

Pero ano ang kanyang gagawin? Kahit ang mga doktor ay walang mahagilap na puso na compatible sa kanya. Lumalakad ang oras. Hanggang sa pati ang siyensya ay tuluyan nang umasa sa himala.

At himala nga siguro ang dumating. Hindi nga lang niya alam kung Diyos ba ang nagbigay ng himalang iyon sa kanya. Puwede bang bawiin ng Diyos ang buhay ng isang nilikha Nito para idugtong iyon sa buhay niya? Ganoon ba siya kalakas kay God? Hindi niya alam, pero ang pagdating ng himalang iyon ang tuluyang nagligtas sa buhay niya. Binubuhay si Ciara ng puso ng ibang tao na pumipintig ngayon sa dibdib niya.